REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**
KALAKHANG MAYNILA

Tanggapan ng Sangguniang Bayan

KAPASIYAHAN BILANG 93-93

KAPASIYAHAN NA NAGLALAYONG ISAKATUPARAN ANG PROBISYON NG REPUBLIC ACT 7160 UKOL SA PAGKAKAROON NG BAWAT PAMAHALAANG BAYAN NG LOCAL HEALTH BOARD.

*****************************************************************

Ipinanukala ni: Kgg. Arturo S. Bunyi

*****************************************************************

**SAPAGKAT,** itinatakda ng Republic Act 7160 ang pagkakaroon ng Local Special Body tulad ng Local Health Board na siyang makakatuwang ng Sangguniang Bayan sa pagbalangkas ng pangkalusugang hakbangin;

**SAPAGKAT,** sa ngayon ay wala pang ganitong uri ng hapagan na lubhang kailangan ng pamahalaang bayan sa dahilang ang kalusugan ang siyang dapat maging prayoridad ng bawat lokal na gobyerno;

**NGAYON, DAHIL DITO,** pinagpasiyahan ng Sangguniang Bayan ng Muntinlupa ang mga sumusunod:

**SEKSYON 1.** Ang pagtatatag ng Local Health Board na kabibilangan ng mga sumusunod:

a. Punongbayan bilang Tagapangulo

b. Municipal Health Officer bilang Pangalawang Tagapangulo

k. Bilang mga kasapi:

k.1 Tagapangulo ng Lupon ng Kalusugan ng Sangguniang Bayan

k.2 Kinatawan mula sa pribadong sektor o non-governmental organization na may kinalaman sa kalusugan

k.3 kinatawan ng Kagawaran ng Kalusugan sa pamahalaang bayan

**SEKSYON 2.** Ang gawain ng lupon ay alinsunod sa itinatakda ng Seksyon 102 (b) ng RA 7160 at maaari pang magbalangkas ng ibang patakaran kapag kinakailangan.

**SEKSYON 3.** Maglalaan ng kaukulang pondo ang Sangguniang Bayan para sa nabanggit na hapagan bagama't walang kompensasyong tatanggapin ang mga bumubuo nito.

**PINAGPASIYAHAN NG BUONG PAGKAKAISA,** ng lahat ng Kagawad ng Sangguniang Bayan sa kanilang ika-55th regular na pulong na ginanap ngayong ika-13 ng Setyembre, 1993.

**PINATOTOHANAN:**

**MGGL. JAIME R. FRESNEDI**
**Pang. Punongbayan/Pangulong Opisyal**

**KGG. ROGER C. SMITH**
**Konsehal**

**KGG. RUFINO B. JOAQUIN**
**Konsehal**

**KGG. ROMAN E. NIEFES**
**Konsehal**

**KGG. DANTE S. ALMARIO**
**Konsehal**

**KGG. ARTURO S. BUNYI**
**Konsehal**

**KGG. LUCIO B. CONSTANTINO**
**Konsehal**

**KGG. MELCHOR R. TEVES**
**Konsehal**

**KGG. REY E. BULAY**
**Konsehal**

REPUBLIKA NG PILIPINAS

**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**

KALAKHANG MAYNILA

Tanggapan ng Sangguniang Bayan



KGG. NOLASCO L. DIAZ
Konsehal

KGG. ALEJANDRO L.MARTINEZ
Konsehal

KGG. ERNESTO A. CARUBIO
Konsehal

KGG. REYNALDO A. ABAS,JR.
Konsehal

KGG. VICENTE Y. CHUA
Kinatawan ng Sektor
Pangulo
Samahan ng mga Punong-Bgy.

KGG. MIGUEL LUIS F. RIOS, JR.
Kinatawan ng Sektor
Pangulo
Pederasyon ng Sang. Kabataan

PINATUTUNAYAN:

PETER E. SALONGA
Pambayang Kalihim

PINAGTIBAY:

MGGL. IGNACIO R. BUNYE
Punongbayan